Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VI-WESTERN VISAYAS
Duran Street, Iloilo City

February 13, 2017

REGIONAL ADVISORY
No. 036 s. 2017

IKAWALONG PAMBANSANG KONGRESO SA WIKANG FILIPINO PARA SA MGA PAARALANG PUBLIKO AT PRIBADO SA ANTAS ELEMENTARYA AT SEKUNDARYA

To: **Schools Division Superintendents**

1. Ayon sa sulat ni Gloria I. Alday, Pangulo ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ay magsagawa ng Ikawalong Pambansang Kongreso sa Wikang Filipino para sa mga Paaralang Publiko at Pribado sa Antas Elementarya at Sekundarya sa Abri1 23-26, 2017 sa Teachers Camp, Baguio City.

2. May rehistrasyon na Tatlong Libo at Siyam na Daang Piso (Php3,900.00) para sa pagkain, tirahan, venue, hand-out, t-shirt, training bag, honorariumng mga tagapanayam at iba pang gagastusin. May karagdagang isandaang piso (Php100.00) para sa bagong kasapi at dalawampung piso (Php20.00) butaw sa mga dating kasapi.

3. Ang dadalo ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor, punong-guro, puno/tagapag-ugnay ng kagawaran, guro, mga administrador at lahat ng tagapagtaguyod ng wikang Filipino. Attendance is on **Official Business**.

4. Para sa karagdagang kaalamn/impormasyon makipag-ugnayan kina:

   Gloria I. Alday
   Pangulo
   Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL)
   202 Rosario Street, Mapulang Lupa, Valenzuela City
   Mobile Phone: 0928-754-8418; 0977-499-1386

   Sandor B. Abad
   Ingat-Yaman, KASUGUFIL
   Mobile Phone: 0908-697-8418
   Email: sandorabad1210@gmail.com

5. For information and appropriate action.

VICTOR G. DE GRACIA, JR., CESO V
Schools Division Superintendent
OIC-Office of the Assistant Regional Director

KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO
(KASUGUFIL)

202 Rosario Street, Mapulang Lupa, Valenzuela, Metro Manila
Telepono: 0928-754-8418 / 0977-499-1386

SEC. REG. NO. 201116264
TIN 008-125-231-000

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PHLPOST
0017.00 PESOS
31B35BB 139212
PB74107 31.01.2017
Domestic Airport P.O.P

DEPED RO VI
Office of the Regional Director
Duran Street, Iloilo City

RECEIVED
Date: 2/10/17

RECEIVED
DATE: 2/14/17
BY:

PAMUNUAN
2014-2018

GLORIA I. ALDAY
Pangulo

ANA MARIA S. CABUHAT
Kawaksi ng Pangulo

CELESTINO DALUMPINES IV
Pangalawang Pangulo

YOLANDA V. GILBUENA
Kalihim

SANDOR B. ABAD
Ingat-Yaman

FEDERICO L. REYNO
Katuwang ng Ingat-Yaman

MARCELLI G. MACOB
Tagasuri

LOURDES C. MANLAPUS
Tagapagbalita

EDWIN F. ALBAY
Tagapamahala ng Proyekto

VILMA P. DASMARINAS
Tagapamayapa

Kalupunan ng mga Direktor

SAADA J. TUBING
MA. JANE M. ROYONG

Tagapayo

ROBERTO T. AÑONUEVO

Pandangal na Tagapayo

VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo, KWF

19 Enero 2017

BINIBINING GEMMA M. LEDESMA Ph.D.
Direktor Panrehiyon
DepEd – REHIYON VI – KANLURANG BISAYA
Kalye Duran, 5000 Lungsod Iloilo
Iloilo

Mahal na Dr. Ledesma,

Mainit na pagbati!

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), isang samahang pangwika ay magsasagawa ng **Ikawalong Pambansang Kongreso sa Wikang Filipino para sa mga Paaralang Publiko at Pribado sa Antas Elementarya at Sekundarya** sa ***23-26 Abril 2017*** sa Teachers Camp (Senior Mess) Lungsod Baguio (**DepEd Advisory Blg. 302, s.2016 at CHED Memorandum).**

Ang halaga ng rehistrasyon ay Tatlong Libo at Siyam na Daang Piso (Php 3,900.00) na gugugulin para sa pagkain, tirahan, *venue, hand-out, t-shirt, training bag, honorarium* ng mga tagapanayam at iba pang gastusin sa pagsasakatuparan ng kongreso *at membership fee* na karagdagang isandaang piso (Php 100.00) para sa mga bagong kasapi at dalawampung piso (P20.00) butaw sa mga dating kasapi.

Ang mga dadalo ay inaasahang darating sa Teachers Camp, Lungsod Baguio sa umaga ng Linggo, 23 Abril 2017. Ang unang pagkain ay ihahain sa pananghalian ng nabanggit na araw. Samantala ang mga gawain ay magtatapos sa tanghali ng Miyerkoles, 26 Abril 2017, at ang huling pagkaing ihahain ay pananghalian ng nasabing petsa.

Ang mga gurong kasapi ng KASUGUFIL na kinilala ng mga pampublikong ahensiya tulad ng KWF, NCCA at iba pa gayundin sa kani-kanilang rehiyon bilang natatanging guro sa Filipino para sa taong 2016 ay pahahalagahan at pagkakalooban ng samahan ng Pambansang Gawad ng KASUGUFIL sa gabi ng Gawad Parangal,25 Abril 2017.

Hinihikayat ang mga dadalo sa Kongreso na magpadala ng isang kinatawan lamang mula sa kani-kanilang rehiyon para sa paligsahan ng Pinakamagandang Rehiyunal na Kasuotan at Pagbigkas ng Tula na itatampok sa gabi ng sosyalisasyon 22 Abril 2017. Ang kinatawan para sa Pagbigkas ng Tula ay malayang pumili ng isang pyesang kaniyang bibigkasin ngunit ang lahat ay bibigkas ng pyesang mapipili ng samahan na ibiibgay sa araw ng paligsahan.

Para sa maayos na daloy ng rehistrasyon maaring magpatala nang maaga ang mga dadalo at ang kabayaran ay ideposito sa bangko ng samahan sa **BPI North Edsa** Branch na may numero **na 004433-0748-53** at ang kopya ng deposit slip ay ipadadala sa email address na **anniescabuhat@gmail.com.**

Kaugnay nito, kagalakan namin kayong anyayahang dumalo sa nasabing Kongreso at sana ay maipahatid ito sa inyong nasasakupan sa pamamagitan ng isang *Kalatas Panrehiyon* sapagkat alam naming kaisa namin kayo sa layuning mapataas ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino.

Matapat na sumasainyo,

GLORIA I. ALDAY
Pangulo

kalakip : DepEd Advisory Blg 302,s2016/tentatibong programa

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION

KALATAS MULA SA TAGAPANGULO

PARA SA : **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**
LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD

PAKSA : **PARTISIPASYON SA IKA-WALONG PAMBANSANG KONGRESO SA WIKANG FILIPINO PARA SA MGA PAARALANG PUBLIKO AT PRIBADO SA ANTAS ELEMENTARYA JUNIOR HIGH SCHOOL AT SENIOR HIGH SCHOOL NA INORGANISA NG KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO AT GAGANAPIN SA IKA-23-26 NG ABRIL 2017 SA BAGUIO CITY**

PETSA : Ika-18 ng Oktubre taong 2016

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No.* 7722 na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"* malugod na ini-endorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Kapisanan ng Mga Superbisor at Guro sa Filipino para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang aktibidad na ito ay dadaluhan ng mga superbisor, guro, kagawaran, at administrador mula sa iba't-ibang unibersidad at kolehiyo.

Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Administrative Order No. 103.*

Para sa karagdagang detalye, reserbasyon at/o iba pang katanungan patungkol sa aktibidad na ito maaari kayong makipag-ugnayan kanilang telepono sa bilang na 09287548418.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.

10-018-090_ KASUGUFIL _2016

DepEd Advisory No. 302 , s. 2016
Oktubre 17, 2016
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

IKAWALONG PAMBANSANG KONGRESO SA WIKANG FILIPINO NG KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ay magdaraos ng *Ikawalong Pambansang Kongreso sa Wikang Filipino* na may temang *Masining na Pagtuturo ng Filipino Tungo sa Intelektuwalisasyon Gamit ang mga Pamantayan ng Programang K to 12* na gaganapin mula Abril 23 hanggang 26, 2017 sa *Baguio Teachers Camp (Senior Mess)*, Lungsod g Baguio.

Ang layunin ng Kongreso ay ang mga sumusunod:

1. lubos na mapagyaman at malinang ang pagtuturo ng Filipino tugon sa mga hamon ng binagong kurikulum;
2. matugunan ang pangangailangan ng mga guro sa Filipino upang higit na maitaas ang kalidad ng pagtuturo;
3. matalakay nang komprehensibo ang kahalagahan ng pagsasalin tungo sa intelektuwalisasyon ng Filipino bilang wikang pambansa na gamit sa iba't ibang disiplina;
4. mailahad ang ugnayan ng mga pamantayan (Pamantayang Pangnilalaman at Pamantayan sa Pagganap) na lilinangin sa pamamagitan ng mga kasanayang pampakatuto sa bawat *domain*; at
5. maipaliwanag at makapagpakita ng malilikhaing gawain kaugnay ng iba't ibang interaktibong gawaing pangklasrum.

Ang mga dadalo ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor, punong-guro, puno/tagapag-ugnay ng kagawaran, guro, mga administrador at lahat ng tagapagtaguyod ng wikang Filipino.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-distruption-of-classes policy* na nasasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag o makipag-ugnayan kina:

- Gloria I. Alday
  Pangulo
  Kapisanan ng mga Superbisor at Guro ng Filipino (KASUGUFIL)
  202 Rosario Street, Mapulang Lupa
  Valenzuela City
  MobilePhone: 0928-754-8418; 0977-499-1386
  Email: anniescabuhat@gmail.com

- Sandor B. Abad
  Ingat-Yaman
  KASUGUFIL
  Mobile Phone: 0908-697-8418
  Email: sandorabad1210@gmail.com

MCR/DA Ikawalong Pambansang Kongreso ng Wikang Filipino
0701/October 13, 2016